

ANG PAPEL NG AI SA SYNODALITY, PAKIKINIG, AT PAGHIHILOM: ISANG PAGSISIYASAT

DOROTHY P. JAVIER-MARTINEZ AT
AURIA U. ARABIT

Ang pagaaral na ito ay sumusuri sa papel ng Artificial Intelligence (AI) sa pagpapalakas ng synodality, pakikinig, at paghihilom sa Simbahang Katolika. Gamit ang pagsusuri ng literatura at diskurso, tinatalakay nito kung paano maaaring gamitin ang AI upang mapabuti ang kakayahan ng Simbahan na makinig sa mga tinig ng mga miyembro nito. Sinusuri rin ang mga etikal at pastoral na implikasyon, pati na rin ang mga pagkakataon at limitasyon ng AI sa kontekstong panrelihiyon. Iminumungkahi ng papel ang balanseng integrasyon ng AI upang suportahan ang isang mas inklusibo at mapanlikhang Simbahan sa harap ng kontemporaryong hamon.

Susing Salita: Artificial Intelligence (Artipisyal na Talino), Integrasyon, Pakikinig, Simbahan, Sinodo

PANIMULA

Hangarin ng sinodo ang patuloy at pangkabuuang paghubog sa pamayanang Kristiyano mula sa ibat-ibang sektor at konteksto. Ang *synodality*, na tumutukoy sa sama-samang pakikinig at paglalakbay ng sambayanan ng Diyos, ay nagiging mas mahalaga sa harap ng mga kontemporaryong hamon. Kaugnay nito, nasaksihan natin ang agarang pangangailangan para sa “pagbabahaginan ng mga kaloob at angking yaman sa pagitan ng iba’t ibang bokasyon (pakikipagkaisa), na naglalayong makapaglingkod (misyon) sa pamamagitan ng pakikilahok at

pagbibigay kaalaman nang may sama-samang pananagutan.”¹ Ang panawagang ito ni Papa Francisco ay isang panghihikayat upang gamitin ang lahat ng kahusayan at katalinuhang kaloob ng Diyos sa tao kabilang na rito ang paggamit ng *Artificial Intelligence* (AI / Artipisyal na Talino) bilang matibay na patotoo sa pakikilahok sa misyon ni Kristo.

KAIBAHAN NG LIKAS O NATURAL AT ARTIPISYAL NA TALINO

Bago naging popular ang paggamit ng katagang *Artificial Intelligence*, AI, o ang “Artipisyal na Talino,” lubos na umasa ang tao sa kaniyang angking talino, o *Human Intelligence*, ang “likas o natural na katalinuhan.” Ayon kay Robert Sternber, tumutukoy ang *Human Intelligence* sa pangkalahatang kakayahang *intelektwal* at ang kakayahang mangatuwiran, magplano, malutas ang mga problema, mag-isip nang abstract, maunawaan ang mga komplikadong ideya, matuto nang mabilis, at matuto mula sa karanasan. Hindi lamang ito ang pag-aaral ng libro, isang makitid na akademikong kasanayan, o katalinuhan sa pagsusulit. Sa halip, ito ay sumasalamin sa isang mas malawak at mas malalim na kakayahan sa pag-unawa sa ating paligid—pag-unawa, pangangatwiran, at paglutas ng problema.²

Ang masusi at mahusay na paggamit ng likas na katalinuhan ng tao o *human intelligence* ang siyang nagbigay daan upang malikha ng artipisyal na katalinuhan o mas kilala bilang

¹ Ikaapat na bahagi ng Pangwakas na Dokumento ng Sinodo bilang 143-147 halaw sa “Synodality: A Conversion Aimed at Becoming More Missionary,” *Vatican News*, October 26, 2024. <https://www.vaticannews.va/en/vatican-city/news/2024-10/synodality-a-conversion-aimed-at-becoming-more-missionary.html>.

² Robert J. Sternberg, “What is Intelligence?” *American Psychologist* 58, no. 2 (2003): 88-94.

artificial intelligence. Sa payak na pananalita, ang likas na talino ang lumikha ng artipisyal na talino. Kung kaya, mahalagang gamitin ang likas na talinong mayroon ang tao upang maging makabuluhan at mapanagutan ang paggamit ng mga artipisyal na katalinuhan. Sa gayong paraan, maiiwasan na maging alipin ng di likas o artipisyal na talino ang mga tao, dahil mangingibabaw ang paggamit nila sa kanilang natural na angking talino.

Ang *Artificial Intelligence* o AI sa popular na tawag ay isang teknolohiya na nagbibigay ng kakayahan sa mga makina, lalo na sa kompyuter, na pinanggalingan ng ibat-ibang impormasyon upang matuto, mag-analisa at magsagawa ng mga aktibidad na nangangailangan ng talino ng tao. Kabilang dito ang kakayahang magproseso ng natural na wika, pagkilala sa boses o imahe, paggawa ng desisyon, at pagsasagawa ng mga kumplikadong kalkulasyon. Ang layunin ng AI ay lumikha ng mga sistemang kayang gayahin o tulungan ang ilang aspekto ng intelektuwal na kakayahan ng tao.³

ANG KASAYSAYAN NG AI

Ang konseptuwal na balangkas ng AI ay nagsimula noong 1940 sa pamamagitan ng mga teorya ng komputasyon na binuo ni Alan Turing, na nagmungkahi na maaaring tularan ng mga makina

³ Peter Norvig and Stuart J. Russell, *Artificial Intelligence: A Modern Approach* (Pearson Education Publisher, 2020). This widely used AI textbook provides foundational knowledge about AI's theoretical underpinnings and practical applications; Ian Goodfellow, Yoshua Bengio, and Aaron Courville, *Deep Learning* (Cambridge, Massachusetts: MIT Press, 2016). This book is fundamental for understanding deep learning, an advanced form of machine learning that enables many recent AI breakthroughs; John McCarthy, Marvin L. Minsky, Nathaniel Rochester, Claude E. Shannon "A Proposal for the Dartmouth Summer Research Project on Artificial Intelligence" (1955) <http://jmc.stanford.edu/articles/dartmouth/dartmouth.pdf> and (2006), <https://ojs.aaai.org/aimagazine/index.php/aimagazine/article/view/1904>. The term "Artificial Intelligence" was first coined by John McCarthy in this proposal, which laid the groundwork for AI as a field of study.

ang pag-iisip ng tao.⁴ Ang “Turing Test” ay unang inilunsad bilang pormal na larangan ng pag-aaral noong 1956 sa isang kumperensiya sa Dartmouth College (Hanover, New Hampshire, United States). Sa kumperensiyang ito, iminungkahi ng mga siyentipiko tulad nina McCarthy, Minsky, at Shannon na posible ang paglikha ng mga “makina na may katalinuhan.”⁵ Sa mga sumunod na dekada (1960-1970s), nagkaroon ng pag-unlad sa paggamit ng mga simpleng sistema ng AI, gaya ng mga *natural language processors*.⁶ Noong taong 1980-1990s, ang AI ay lumago sa mga larangan ng *robotics*, *expert systems*, at *neural networks*. Ito ay nagamit sa pag-unlad ng *computational power*, dami ng datos, at mga *algorithm*, lalo na sa “machine learning.” Naging mas makapangyarihan nga mga kompyuter at nagkaroon ng mas maraming datos na nagagamit.⁷ Isang mahalagang tagumpay na nagpakita ng napakalaking potensyal ng AI noong 1997 ay nang matalo ng *IBM chess computer* na “*Deep Blue*” si Kasparov na isang atletang kampiyon sa chess.⁸

Mula noong 2000, ang eksponensyal na paglago ng datos, pinalakas na *computing power*, at mga pambihirang tagumpay sa “malalim na pagkatuto” (*deep learning*) ay lubos na nagpabago sa AI. Ang mga teknik tulad ng *convolutional neural networks* at *recurrent neural networks* ay nagbigay ng makabuluhang progreso sa mga

⁴ Jack Copeland, “History of Artificial Intelligence,” *Encyclopaedia Britannica*, last modified in 2024, accessed October 30, 2024, <https://www.britannica.com/science/history-of-artificial-intelligence>.

⁵ Stuart Russell and Peter Norvig, *Artificial Intelligence: A Modern Approach*, 3rd ed. (Upper Saddle River, New Jersey: Prentice Hall, 2016).

⁶ Daniel Crevier, *AI: The Tumultuous History of the Search for Artificial Intelligence* (New York: Basic Books, 1993).

⁷ David E. Rumelhart, Geoffrey E. Hinton, and Ronald J. Williams, “Learning Representations by Back-Propagating Errors,” *Nature* 323, no. 6088 (1986): 533–36, <https://www.semanticscholar.org/paper/Learning-representations-by-back-propagating-errors-Rumelhart-Hinton/052b1d8ce63b07fec3de9ddb583772d860b7c769>.

⁸ Murray Campbell, A. Joseph Hoane Jr., and Feng-hsiung Hsu, “Deep Blue,” *Artificial Intelligence* 134, no. 1–2 (2002): 57–83.

gawain ng pagpoproseso ng imahe at wika. Noong 2012, nakamit ng *AlexNet*, isang *deep convolutional network*, ang tagumpay sa *image recognition*, na nagpasimula sa rebolusyon ng *deep learning*.⁹ Kasama na ngayon sa mga aplikasyon ng AI ang mga *virtual assistants* tulad ng *Siri* at *Alexa*, mga kotseng tumatakabong mag-isa gamit ang makina, makabagong medikal na pagsusuri (*progressive medical diagnostics*), at *ChatGPT* ay ilan lamang sa mga halimbawa ng mga AI na ginagamit ngayon.¹⁰ Sa kasalukuyan, ang AI ay isang mahalagang bahagi na ng iba't ibang industriya, kabilang ang kalusugan, edukasyon, teknolohiya, transportasyon, at serbisyo publiko, at patuloy pa rin itong pinapaunlad upang mas mapalawak ang paggamit at kakayahan.

ANG KAHULUGAN NG SINODO, PAKIKINIG, AT PAGHILOM

Ang Sinodo ay isang pormal na pagpupulong ng mga obispo at iba pang kinatawan ng Simbahang Katoliko upang talakayin ang mga mahahalagang isyu tungkol sa doktrina, pamamahala, o pastoral na mga bagay na nakakaapekto sa Simbahan. Sa konteksto ng Simbahang Katoliko, ang *Synod* ay naglalayong magbigay daan sa diyalogo, pag-iisip, at pagdedesisyon sa partikular na paksa, na madalas ay para magbigay mungkahi sa Papa o sa mas malawak na Simbahan. Ito ay maaaring may iba't ibang anyo, tulad ng *Ordinary General Assembly*, *Extraordinary General*

⁹ Alex Krizhevsky, Ilya Sutskever, and Geoffrey E. Hinton, "ImageNet Classification with Deep Convolutional Neural Networks," *Advances in Neural Information Processing Systems* vol. 25 (2012): 1097-1105.

¹⁰ Ian Goodfellow, Yoshua Bengio, and Aaron Courville, *Deep Learning* (Cambridge, Massachusetts: MIT Press, 2016).

Assembly, o *Special Assembly*, depende sa kalagayan o rehiyon na tinatalakay.¹¹

Noong 2021, inilunsad ni Papa Francisco ang *Synod on Synodality* upang hikayatin ang mas aktibong pakikilahok ng lahat ng miyembro ng Simbahan— mga pari, layko, at misyoneryo— sa pagtuklas ng mga solusyon sa mga modernong hamon ng pananampalataya at lipunan. Layunin nitong makamit ang “pakikiisa, pakikilahok, at misyon” sa buong Simbahan. Upang makamit ito, mahalaga ang pakikinig, at paglalakbay nang sama-sama tungo sa paghilom ng sugat ng sambayanang nananampalataya.

Ang kahalagahan ng pakikinig at pagpapagaling sa proseso ng *Synod on Synodality* ay nakasalalay sa layunin nitong magtayo ng isang Simbahan na mas inklusibo, nakikilahok, at tumutugon sa mga pangangailangan ng kanyang mga kasapi. Ang pakikinig ay nagbibigay-daan para mapakinggan ng Simbahan ang iba’t ibang boses, lalo na ng mga pangkat na nasa laylayan, na nagpapalakas ng pagkakaisa at pag-unawa, samantalang ang pagpapagaling ay tumutugon sa paghihilom ng mga sugat dulot ng klerikalismo, mga iskandalo ng abuso, pag-iwan o pagtatangi.¹² Ang paghihilom ay nangangailangan ng pagsisisi, pagpapagaling ng mga alaala ng nakaraang sugat, at pagkakaroon ng tapang para itama ang pagkakamali sa diwa *pagmamahal*. Sa gitna ng mga iskandalo at

¹¹ Matthew Bunson, “Synods Through the Ages in the Catholic Church,” *National Catholic Register*, Commentary section, accessed February 25, 2025, <https://www.ncregister.com/commentaries/church-synods-through-the-ages>; Synod of Bishops, “Final Document of the XVI Ordinary General Assembly: For a Synodal Church: Communion, Participation, Mission,” October 26, 2024, https://www.synod.va/content/dam/synod/news/2024-10-26_final-document/ENG--Documento-finale.pdf, para.28-33; William Fanning, “Synod,” *The Catholic Encyclopedia* Vol. 14 (New York: Robert Appleton Company, 1912), accessed February 25, 2025, <http://www.newadvent.org/cathen/14388a.htm>.

¹² Francis, *Synod on Synodality: For a Synodal Church—Communion, Participation, and Mission* (Vatican City, Rome: Holy See Press Office, 2021–2024), accessed February 25, 2025, <https://www.synod.va>.

pang-aabuso, kailangan ang pananagutan, pangangalaga, at pagkakasundo ng bawat kasapi ng Simbahan upang manumbalik ang tiwala sa isa't isa tungo sa ganap na paghihilom. Mahalaga ang pagpapagaling ng mga sugat ng alaala at pagsisikap makamit ang pamayanang mapayapa at nagkakaisa, habang nagbabahaginan ng mga kaloob.¹³ Ang proseso ng pakikinig ay makikita sa pamamagitan ng pakikipanayam, mga talakayan sa maliit na grupo, mga talatanungan (*survey*), konsultasyon sa antas ng diyosesis, rehiyon, at pambansang pagtitipon, na nagtataguyod ng malayang dayalogo at magkaagapay na pagtuklas ng katotohanan at pagpapasya (*mutual discernment*). Ang kalakasan ng pamamaraang ito ay ang pagkakaroon ng magkapantay at magkasamang responsibilidad ng mga layko at kleriko. Gayunpaman, ang mga kahinaan nito ay ang posibleng pagkiling ng mga tagapamatnubay, hindi pantay na bilang ng kalahok sa iba't ibang rehiyon, at ang mahirap na pagsasama-sama ng iba't ibang puna (*feedback*) para makabuo ng epektibong solusyon.¹⁴ Sa kabila ng mga limitasyon, ang prosesong ito ay naghahain ng pagkakataon upang matamo ang paghilom ng mga kasapi ng isang Simbahang naglalakbay nang sabay sabay.

PAGLALAHAD NG SULIRANIN AT METODO

Kapansin-pansin na malawak ang paga-aaral ng AI sa iba't ibang disiplina, subalit hindi pa natutuklasan kung paano ito lubusang makatutulong at magagamit sa larangan ng pagtugon sa misyon ng pagpapalaganap ng Mabuting Balita.

¹³ Synod of Bishops, "Final Document of the XVI Ordinary General Assembly: For a Synodal Church: Communion, Participation, Mission," October 26, 2024, https://www.synod.va/content/dam/synod/news/2024-10-26_final-document/ENG-Documento-finale.pdf, para. 23, 46, 121.

¹⁴ Giacomo Costa, *Discerning the Signs of the Times: Pathways for the Synodal Process*, (Rome: Vatican Publishing House, 2022).

Hinahangad ng pagsasaliksik na ito na ipakita ang papel ng AI sa konteksto ng Simbahang Katolika, gamit ang pagsusuri ng literatura at diskurso lalo na sa usaping sinodo. Samakatuwid, ang pangunahing katanungan sa pag-aaral na ito ay “Paano maaaring gamitin ang AI upang mapahusay ang kakayahan ng Simbahan na makinig sa mga tinig ng mga miyembro nito at magdala ng paghihilom sa mga sugatang komunidad?”

PAGLILINAW SA SAKLAW NG TEKNOLOHIYA KAUGNAY NG AI

Makabago nga ang usapin ng AI, kaya mahalaga na bigyang paglilinaaw ang paggamit at pagpapakahulugan ng ilang termino kaugnay nito. Nagkakaroon ng ilang kalituhan sa pagkakaiba ng mga teknikal na salitang ginagamit. Upang bigyan ng kaisahan sa pag-unawa ng mga salita, at maiwasan ang kalituhan sa isip ng mga mambabasa, narito ang mga salitang madalas na iniisip na inaakala na mismong AI, ayon sa alpabetikong pagkakasunod-sunod:

Chatbots at *AI agents*. Ang *Chatbot* ay isang programa o sistema na gumagamit ng artipisyal na katalinuhan upang makipag-ugnayan sa mga tao sa pamamagitan ng text o boses.¹⁵ Ginagamit ito upang magbigay ng impormasyon, magsagawa ng serbisyo, o simpleng magbigay ng aliw. Laganap ito bilang bahagi ng *customer service* na tumatanggap ng malaking dami ng paulit ulit na tanong. Kung ihahambing ang *Chatbots* sa *AI agents*, ang *Chatbots* ay *digital helpers* na makakasagot sa mga simpleng tanong, samantala ang *AI agents*, na gumagamit rin ng AI ay higit na mas mahusay, sapagkat nakakagawa ito ng mga komplikadong gawain, nakakapagbigay ng pagpapasya at natututo sa mga nakaraang interaksyon.

¹⁵ Michael Walker, “AI Agents vs. Chatbots: An In-Depth Comparison,” accessed December 15, 2024, <https://smythos.com/ai-agents/ai-agents-and-tool-usage/ai-agents-vs-chatbots/>.

Internet. Ang salitang “internet” ay tumutukoy sa isang pandaigdigang sistema ng magkakaugnay na mga *computer network* na gumagamit ng *standard protocol* (IP/TCP) upang magbahagi ng impormasyon. Karaniwang ginagamit ito para sa komunikasyon, pagkuha ng datos, at iba pang serbisyong *online*. Ang literal na salin ng “internet” ay maaaring “pandaigdigang lambat,” ngunit mas ginagamit pa rin ang salitang “internet” sa pang-araw-araw na pakikipag-usap.¹⁶

New media. Ang “New Media” (Bagong Midya) ay tumutukoy sa mga makabagong anyo ng komunikasyon at teknolohiya na gumagamit ng digital na plataporma. Kabilang dito ang mga *online* na nilalaman, *social media*, *mobile apps*, at iba pang digital na paraan ng pagkalat at pagbabahagi ng impormasyon. Naiiba ito mula sa tradisyunal na midya (halimbawa, radyo, telebisyon, at pahayagan) dahil sa interaktibong katangian nito, *real-time* na komunikasyon, at mas malawak na *accessibility* sa pamamagitan ng *internet*.¹⁷

Robot. Robot ang tawag sa isang makina o aparato na idinisenyo upang magawa ang mga karaniwang ginagawa ng tao, madalas na may paggamit ng artipisyal na katalinuhan (AI) o awtomasyon. May ilang mga teknikal na salita na madalas iniuugnay sa robot: una, *humanoid*, ikalawa, *appliances*, at ikatlo, *controller*. Ang *humanoid* ay isang robot o bagay na may anyo o kilos na katulad ng tao, karaniwang ginagamit sa mga eksperimento upang gayahin ang interaksyon ng tao. Ang *robotic appliances* ay mga kagamitang mekanikal para sa tahanan o trabaho upang mapadali ang mga gawain. Samantala, ang *controller*, robot na walang *software*

¹⁶ Krzysztof Żarna, “The Internet,” in *Tom VII: Globalizacja i współzależność*, eds. Alicia Malewska, Mateusz Szczepanik-Pillars (April 2024), 237–53, DOI:10.35765/slowniki.209en.

¹⁷ Cambridge Dictionary, s.v. “new media,” accessed December 18, 2024, https://dictionary.cambridge.org/us/dictionary/english/new-media#google_vignette.

ay isang aparato o sistema na ginagamit upang pamahalaan, kontrolin, o isaayos ang operasyon ng isang makina, robot, o *appliance*.

Software applications. Ang mga aplikasyong pang-software ay mga programang pangkompyuter na idinisenyo upang magsagawa ng partikular na proseso sa iba't ibang larangan tulad ng edukasyon, negosyo, libangan, at komunikasyon. Ang mga halimbawa nito: (1) sa edukasyon ay ang *Google Classroom*, para sa online na pagtuturo at pagsasaayos ng mga takdang-aralin; *Duolingo*, para sa pag-aaral ng iba't ibang wika; (2) sa negosyo ay ang *Microsoft Excel*, sa paggawa ng mga *spreadsheet* at kalkulasyon, at *QuickBooks*, para sa pamamahala ng *accounting* at *bookkeeping*; (3) sa libangan ay ang *Spotify*, sa pakikinig ng musika at *Netflix*, sa panonood ng mga pelikula at serye; (4) sa komunikasyon ay *Zoom*, para sa *video conferencing* at *Messenger*, sa *instant messaging* at *video calls*; (5) sa disenyo at paglikha ay ang *Adobe Photoshop*, para sa disenyong grapiko at at pag-edit ng mga larawan, at *Canva*, sa paggawa ng mga presentasyon, *posters*, at iba pang *graphic* na materyal.¹⁸ Sa pagdaan ng panahon, ang ilan sa mga binanggit na plataporma ay nagdagdag din ng AI sa kanilang aplikasyon, katulad ng *MetaAI* ng *Facebook*, at *AI Companion* ng *Zoom*.

May kaibahan ang *robot*, at ang mga *software applications* sa AI, ngunit mahalagang kilalanin ang interaksyon sa pagitan nito. Ang interaksyon ng Robot at AI ay ang pagsasama ng pisikal na kakayahan ng mga robot at katalinuhan ng AI upang makagawa ng mas mataas na antas na sistema. Ang robot ay nagsisilbing katawan na gumagalaw at nakikipag-ugnayan sa kapaligiran, habang ang AI

¹⁸ Benjamin Agbo, Ceris Morris, Mogdam Osman, Joe Basketts, and Theocharis Kyriacou, "A Systematic Literature Review on Software Applications Used to Support Curriculum Development and Delivery in Primary and Secondary Education," *International Journal of Educational Research Open* 7 (December 2024): 100385, accessed December 18, 2024, <https://doi.org/10.1016/j.ijedro.2024.100385>.

ang nagsisilbing utak na nagpoproseso ng impormasyon at nagbibigay-daan sa paggawa ng mga desisyon. Sa pamamagitan ng *sensors*, nakukuha ng robot ang mga datos, na pinoproseso ng AI upang makapagbigay ng naaangkop na tugon. Halimbawa ng ganitong interaksyon ay makikita sa: *self-driving cars* na gumagamit ng AI upang mag-navigate; *social robots* na kayang makipag-usap at maunawaan ang emosyon, *industrial robots* na ginagamit sa pabrika para sa mas mahusay na produksyon.¹⁹ Ang mga *software applications* gaya ng *Zoom*²⁰ at *Microsoft Teams*²¹ ay hindi direktang itinuturing na AI, ngunit mayroon itong AI *features* upang mapahusay ang karanasan ng mga gumagamit. May apat na bahagi ng AI na ginagamit sa mga *software applications*: *language processing*, pagpapahusay ng *video* at *audio*, *virtual assistant* at *automation*, at *facial recognition* at limitadong *emotion detection*.²²

MGA NASUSULAT NA LITERATURA SA PAGGAMIT NG AI NG SIMBAHANG KATOLIKA

Ang mga nasusulat na literatura tungkol sa paggamit ng AI ng Simbahang Katolika ay naglalaman ng mga diskurso tungkol sa etika, moralidad, dignidad ng tao, at potensyal ng teknolohiya sa pastoral at teolohikal na konteksto. Maibubuod sa apat na

¹⁹ S. H. Alsamhi, Ou Ma, and M. S. Ansari, "AI and Human-Robot Interaction: A Review of Recent Advances and Challenges," *arXiv* (April 25, 2018), <https://arxiv.org/abs/1804.09671>.

²⁰ TechRadar, "Zoom Claims It Is Outperforming," accessed December 18, 2024, https://www.techradar.com/pro/zoom-claims-it-is-outperforming-the-likes-of-microsoft-teams-when-it-comes-to-ai-power?utm_source=chatgpt.com.

²¹ Microsoft, "How We're Recapping Our Meetings with AI," accessed December 18, 2024, https://www.microsoft.com/insidetrack/blog/how-were-recapping-our-meetings-with-ai-and-microsoft-teams-premium-at-microsoft/?utm_source=chatgpt.com.

²² Zoom, "AI Features in Zoom: Enhancing Meetings and Collaboration," *Zoom Support*, accessed December 18, 2024, https://support.zoom.com/hc/en/article?id=zm_kb&sysparm_article=KB0057861.

pangunahing tema ang pagtalakay sa pagagamit ng AI: (1) Etikal, (2) Teolohikal (3) Pilosopikal, at (4) Pastoral.

1. Ang Etikal na Paggamit sa AI

Ang etikal na paggamit ng AI ay mahalaga upang matiyak na ang teknolohiyang ito ay nagdudulot ng positibong epekto sa lipunan at hindi nagiging sanhi ng pinsala o diskriminasyon. Narito ang ilang pangunahing prinsipyo at literatura na tumatalakay sa etikal na paggamit ng AI:

Ang dokumentong “*Rome Call for AI Ethics*” na inilabas ng *Pontifical Academy for Life*, ay tumutukoy sa pag-unlad ng AI sa ilalim ng anim na prinsipyo ng: (1) tapat na pagsisiwalat ng mga detalye at impormasyon (*transparency*), (2) pagtanggap sa lahat at pagbibigay halaga sa bawat miyembro ng komunidad (*inclusiveness*), (3) panlipunang pananagutan (*social responsibility*), (4) hindi pagkiling sa anumang kawalang katarungan (*impartiability*), (5) maaasahan at mapagkakatiwalaan (*reliability*), at (6) kaligtasan, at paggalang sa pribadong impormasyon ng mga gumagamit (*security and privacy*).²³ Kasama rito ang panawagan para sa mga teknolohiyang AI na magtataguyod ng dignidad ng tao. Noong 2020, naglatag ng iba’t ibang komprehensibong palihan (*workshop*) ang Roma tungkol sa etika ng AI, *Roboethics, AI and Food for All*.²⁴

Samantala, ang ensiklikal na “*Fratelli Tutti*” na isinulat ni Papa Francisco bagamat hindi direkta ang pagtukoy sa AI, ay tumalakay sa papel ng teknolohiya sa pagkakapatiran ng tao at ang mga panganib ng teknolohiya na maaaring magpalala ng mga hindi

²³ Pontifical Academy for Life, *Rome Call for AI Ethics* (Rome Call for AI Ethics Initiative, March 2022), accessed October 17, 2024, https://www.romecall.org/wp-content/uploads/2022/03/RomeCall_Paper_web.pdf.

²⁴ Pontifical Academy for Life, “Artificial Intelligence” *Pontifical Academy for Life*, accessed October 17, 2024, <https://www.academyforlife.va/content/pav/en/projects/artificial-intelligence.html>.

pagkakapantay-pantay. Inisa isa sa FT 42-47 ang lahat ng mga di kanais nais na maaaring maidulot ng *internet* kung hindi mapanagutang gagamitin. Inilatag rin ang mga etikal na alituntunin na maaaring maggabay sa mga makabagong teknolohiya, upang magsilbi sa kabutihan ng lahat. “Ang *internet* ay nag-aalok ng malalaking posibilidad para sa pakikipagtagpo at pagkakaisa [ng lahat] isang tunay na mabuting bagay, isang kaloob mula sa Diyos.”²⁵ Sadyang may potensyal ang internet bilang instrumento para sa pagpapalaganap ng pagkakaisa at pagtutulungan sa mga tao, na nakikita bilang biyaya mula sa Diyos.

Tinalakay sa mga aklat ni Gunkel na *The Machine Question: Critical Perspectives on AI, Robots, and Ethics*, at *Person, Thing, Robot: A Moral and Legal Ontology for the 21st Century and Beyond* ang mga etikal na isyu at katanungan na bumabalot sa pag-usbong ng mga AI at mga robot.²⁶ Pinapaliwanag dito ang papel ng AI bilang isang teknolohiya na maaaring makatulong ngunit nangangailangan ng maingat na pangangasiwa upang mapanatili ang moral na layunin nito.

Kinabahala rin ang usapin sa etika ng pakikipagtalik sa robots dahil ang paggamit ng sex robots ay maaaring magdulot ng *objectification* ng tao, lalo na sa kababaihan, kung saan tinitingnan ang sekswalidad bilang isang bagay o kalakal. Maaaring mawalan ng pandama at respeto sa kapwa dahil sa pagkasanay sa relasyong walang emosyon o pahintulot, na salungat sa konsepto ng *pakikipagkapwa-tao*. Ang Simbahang Katoliko ay mariing tumututol sa *sex robots* dahil sa paniniwala na banal ang pagtatalik at dapat nasa

²⁵ Pope Francis, *Fratelli Tutti: On Fraternity and Social Friendship* (Vatican City: Vatican Press, 2020), para. 205.

²⁶ David J. Gunkel, *The Machine Question: Critical Perspectives on AI, Robots, and Ethics* (Cambridge, Massachusetts: MIT Press, 2012), <http://mitpress.mit.edu/9780262534635/the-machine-question/>; and David J. Gunkel, *Person, Thing, Robot: A Moral and Legal Ontology for the 21st Century and Beyond* (Cambridge, Massachusetts: MIT Press, 2023).

loob ng sakramento ng kasal. Ang tradisyunal na pagpapahalaga sa pamilya, dangal, at hiya ay maaaring salungatin ng teknolohiyang ito. Maaaring magdulot ng pagkasira sa katapatan at ugnayan ng mag-asawa. Para sa mga OFWs at *long-distance relationships*, maaaring tingnan ito bilang solusyon sa pisikal na pangangailangan ngunit posibleng magresulta sa tuluyang pagkakahiwalay. Ang isang pangunahing argumento ng mga Katolikong teologo ay ang kawalan ng kakayahan ng robots na magbigay ng personal na pahintulot sa gawain ng pakikipagtalik. Maaari rin itong magpalawak sa agwat ng mahihirap at mayayaman dahil sa limitadong akses sa teknolohiya. May mga pag-aaral na nakikita ang benepisyo ng *sexbots* katulad ng terapiya sa mga indibidwal na nahihirapan sa *intimacy* dahil sa kapansanan, trauma, o mga hamon sa pakikisalamuha; posibleng magpababa ng *human trafficking* o iba pang uri ng pagsasamantala dahil ang *sexbots* ay isang alternatibo sa pangangailangan seksual; maaari nitong bigyan ang mga tao ng pagkakataong tuklasin at ipahayag ang kanilang sekswalidad nang pribado at walang panghuhusga. Sa paggawa ng regulasyon at batas na maglilimita sa disenyo at paggamit ng *sex robots* upang mapanatili ang moralidad at dignidad ng tao, mahalaga ang partisipasyon ng Simbahan, pamahalaan, at mga organisasyong pansibiko upang magabayan ang publiko sa responsableng paggamit ng teknolohiya.²⁷

Mahalaga nga ang panawagan ni Papa Francisco para sa maingat na paggamit ng AI, na binibigyang-diin ang dignidad ng tao, pagkakatantay-pantay, at responsableng pag-unlad ng

²⁷ Carina Soledad González, Rosa Maria Gil, and Patricia Paderewski-Rodríguez, "Human-Robot Interaction and Sexbots: A Systematic Literature Review," *Sensors* 21, no. 1 (December 2020): Article 216, <https://doi.org/10.3390/s 21010216>.

teknolohiya upang maiwasan ang pagpapalala ng kawalang katarungan sa lipunan.²⁸

2. Ang Teolohikal na Diskurso

Ang talakayang teolohikal at etikal na kaugnay sa AI ay magkasanib at mahirap na paghiwalayan. Ang artikulong “Understanding AI from a Theological Perspective” ni Simeon Xu ay tumatalakay sa kaugnayan ng AI at teolohiya. Binigyang-diin niya ang pagkakaiba ng tao, na nilikha na kahalintulad ng Diyos, at ng AI, na gawa ng tao. Habang ang AI ay may kakayahang gayahin ang proseso ng pag-iisip ng tao, wala itong kamalayan o moral na ahensya na taglay ng tao. Samantala, inuugnay naman ni Langford sa sinulat niyang “A Theological Framework for Reflection on Artificial Intelligence” ang malawakang ugnayan sa mga doktrinang teolohikal tulad ng kalikasan ng tao, halaga ng kamalayan, relasyon ng tao sa kapuwa at sa Diyos, at ang papel ng Diyos sa mundo. Ayon kay Langford, ang AI ay may potensyal na baguhin ang mga aspekto ng lipunan at relihiyon, kaya’t mahalaga na tingnan ito sa konteksto ng etika, pananampalataya at espirituwal. Sa pananaw ng Antropolohiyang Teolohikal, naglatag si Klaiber ng iba’t ibang pag-aaral sa usaping kaganapan (*perfection*), kaligtasan, pag-iisip, at katawan sa paghahambing sa literal na kahulugan ng *theos* at *logos*. Bagaman nakita niya ang limitasyon ng AI, napatunayan niyang higit pa ito sa mga *neural network* dahil mayroon malawak na sinergiya ito sa pagsusuri ng mga konsepto ng sangkatauhan, para

²⁸ Deborah Castellano Lubov, “Pope Francis Urges Ethical Use of Artificial Intelligence,” *Vatican News*, (March 27, 2023), <https://www.vaticannews.va/en/pope/news/2023-03/pope-francis-minerva-dialogues-technology-artificial-intelligenc.html>.

sa isang makabuluhang pananaw tungkol sa dignidad at mga karapatan ng tao.²⁹

Sa aklat ni O’Gieblyn na “God, Human, Animal, Machine: Technology, Metaphor, and the Search for Meaning,” inilarawan niya kung paanong niyakap ng AI ang dating mga tanong lamang ng mga dalubhasang pilosopo at teologo tungkol sa ugnayan ng isipan sa katawan, ang tanong ng malayang kalooban, at ang posibilidad ng imortalidad.³⁰ Isang balangkas naman ang inihain ni Pugeda at Aguas patungkol sa relasyon ng tao at AI sa artikulong “Is Artificial Intelligence Capable of Love through Self-Sacrifice?” na ang “*agape love*” - isang pag-ibig na kayang magsakripisyo para sa iba - ay isang likas na katangian ng tao na nagpapamalas ng *imago Dei*. Nilikha tayong kawangis at kalarawan ng Diyos. Dahil dito, hindi kayang magpakita ng tunay na “*agape love*” ang AI, sapagkat kumikilos lamang ito ayon sa pagkaka-programa at hindi nito lubos na naisasaloob ang tunay na kahulugan ng sakripisyo. Mananatiling ang nagagawa ng AI ay pagpapahiwatig lamang o panglabas na anyo ng “*agape love*” ngunit hindi tunay sa diwa ng mapagsakripisyong pag-ibig.³¹

²⁹ Simeon Xu, “Understanding AI from a Theological Perspective,” *Edinburgh Futures Institute*, University of Edinburgh, accessed December 26, 2024, <https://efi.ed.ac.uk/understanding-ai-from-a-theological-perspective/>; Michael D. Langford, “A Theological Framework for Reflection on Artificial Intelligence,” accessed December 26, 2024, <https://digitalcommons.spu.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1171&context=work>; Judith Klaiber, “Theological Anthropology Facing Artificial Intelligence: The Investigation of an Intersection Based on Treatises,” *Interdisciplinary Journal for Religion and Transformation in Contemporary Society*, online publication June 26, 2024.

³⁰ Meghan O’Gieblyn, *God, Human, Animal, Machine: Technology, Metaphor, and the Search for Meaning*, (New York: Doubleday Publishers, 2021).

³¹ Teofilo Giovan S. Pugeda at Raymond B. Aguas, “Is Artificial Intelligence Capable of Love through Self-Sacrifice?” *Theology Today* 81, no. 3 (2024), <https://doi.org/10.1177/00405736241280162>.

3. Ang Pilosopikal na Diskurso ng AI

Sa argumento at posisyon sa pilosopiya ng AI sa kasalukuyan, maliban sa mga konsepto ng katalinuhan at komputasyon, ang mga pangunahing paksa ng artipisyal na kognisyon ay pananaw, aksyon, kahulugan, makatwirang pagpili, kalayaan ng kalooban, kamalayan, at normatibidad. Sa pamamagitan ng mas mahusay na pag-unawa sa mga paksang ito, ang pilosopiya ng AI ay nakakatulong sa pag-unawa sa kalikasan, mga posibilidad, at halaga ng AI. Higit pa rito, ang paksang “AI Philosophy” ay nagbibigay daan ng mas malalim at makahulugan na kamalayan ng pagigigng tao.³² Binigyan lalim din ang kahulugan ng *AI powered software* mula sa pananaw ng *post-phenomenology* at *hermeneutics*. Itinatampok nito ang kontribusyon ng kontinental na pilosopiya sa pag-aaral ng mga bagong teknolohiya. Inilalahad ang pangangailangan ng pilosopikal na pagsusuri upang maipakita ang kumplikado at paradoksikal na kalikasan ng *software*. Gamit ang modelong hermeneutiko ni Ricoeur, ipinaliwanag na ang *software* ay isang teksto, o isang anyo ng pagsusulat at sa pamamagitan ng analohiya ng mga *electric circuit* at *Boolean logic*, na nagsasaad na ito ay isang prosesong nangangailangan ng interpretasyon sa epistemolohikal at ontolohikal na antas.³³

³² Vincent C. Müller, “Philosophy of AI: A Structured Overview,” *FAU Erlangen-Nürnberg*, July 24, 2023, final draft, accessed December 18, 2024, <http://www.sophia.de>.

³³ Luca M. Possati, “Towards a Hermeneutic Definition of Software,” *Humanities and Social Sciences Communications* 7, no. 71 (2020), <https://doi.org/10.1057/s41599-020-00560-1>.

4. Ang Pastoral na Gamit ng AI

Ang aklat ni Ximian Xu na “*The Digitalised Image of God: Artificial Intelligence, Liturgy, and Ethics*” ay tumatalakay sa interseksyon ng AI, liturhiya, at mga etikal na konsiderasyon kaugnay ng nagbabagong relasyon ng sangkatauhan sa teknolohiya, gayundin nagbibigay ng hamon sa mga mambabasa na mag-isip nang kritikal tungkol sa integrasyon ng AI sa buhay ng Simbahan, at ang mga etikal na responsibilidad na kasangkot sa mga pag-unlad ng teknolohiya. Binigyang diin sa aklat ang pagbibigay halaga sa parehong pananampalataya at inobasyon.³⁴

Samantala, ang artikulo na “*Catholic Education Strategy in the Age of Technology: Addressing the Cultural Challenges of AI to Strengthen the Faith of the New Generation*” ay nagbibigay ng gabay sa mga Katolikong paaralan kung paano epektibong tumugon sa mga hamon na dulot ng AI sa larangan ng edukasyon at pananampalataya. Tinalakay dito ang layunin na suportahan ang pagpapalalim ng espirituwalidad at pagpapahalaga sa pananampalataya ng mga kabataan sa pamamagitan ng mga estratehiya na makapagpapanatili ng mga Katolikong prinsipyo sa gitna ng mabilis na pagbabago dala ng teknolohiya. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng paglinang ng mga kritikal na kakayahan at etikal na pag-iisip ng mga estudyante upang hindi lamang sila maging *tech-savvy*, kundi makapagdesisyon din nang may pagpapahalaga sa moral at espirituwal na aspekto.³⁵

³⁴ Ximian Xu, *The Digitalised Image of God: Artificial Intelligence, Liturgy and Ethics* (London: Routledge, 2024), <https://www.routledge.com/The-Digitalised-Image-of-God-Artificial-Intelligence-Liturgy-and-Ethics/Xu/p/book/9781032397832>.

³⁵ Marianus Dinata Alnija, “Catholic Education Strategy in the Age of Technology: Addressing the Cultural Challenges of AI to Strengthen the Faith of the New Generation.” *STIPAS TAHASAK DANUM PAMBELUM KEUSKUPAN PALANGKARAYA*, January 30, 2024, <https://publisher.stipas.ac.id/index.php/pbs/article/download/96/96>.

Tumutulog sa mga mag-aaral ang pananaw na ito na magkaroon ng kritikal na pagtingin sa impluwensiya ng AI at teknolohiya sa kanilang buhay, habang pinapatatag ang kanilang pananampalataya bilang pangunahing saligan sa kanilang mga pagpapasya at pagkatao sa hinaharap.

Sa larangan naman ng papel ng AI sa “*Interreligious Dialogue*,” ang artikulong “*Exploring the Role of Artificial Intelligence in Interreligious Discourse*” ay sumisiyasat sa masalimuot at malawak na panitikan tungkol sa pagtatalaban ng AI at *Interreligious Dialogue* (ID). Layon ng artikulo na magsilbing gabay upang higit na matuksan ang potensyal at positibong kontribusyon ng AI sa larangang ng *Interreligious Dialogue*.³⁶

Kaugnay nito, nagbigay babala ang artikulo na “*We Need Some Real Perspective on AI and Evangelization*,” sa paggamit ng AI sa ebanghelisasyon. Binibigyang-diin na hindi maaaring palitan ng teknolohiya ang personal at makataong bahagi ng pananampalataya. Bagamat nag-aalok ang AI ng mahahalagang kasangkapan para palawakin ang Ebanghelyo at maabot ang mas maraming tao, dapat tiyakin ng Simbahan na ginagamit ito nang etikal at hindi sinisira ang mga ugnayang espirituwal. Iginiit ng may-akda na dapat suportahan ng AI ang tunay na relasyon sa pagitan ng mga tao, hindi ito palitan.³⁷

³⁶ Rico Jacoba, “Exploring the Role of Artificial Intelligence in Interreligious Discourse,” *Journal of the Asian Research Center for Religion and Social Communication* 21, no. 2, (2023): 375-400. Asian Research Center for Religion and Social Communication, <https://asianresearchcenter.org/document/download/605/1705546943-religion-and-social-communication-21-no-2-2023-full.pdf#page=146>.

³⁷ Catholic World Report. “We Need Some Real Perspective on AI and Evangelization.” *Catholic World Report*, May 3, 2024, <https://www.catholicworldreport.com/2024/05/03/we-need-some-real-perspective-on-ai-and-evangelization/>.

AI SA PAKIKINIG AT PAGHILOM

Malawak ang saklaw ng pakikinig sa Sinodo, upang maging tapat at makatotohanan ang pagsasama-sama ng mga karanasan ng bawat sektor ng mga layko na nasa laylayan, at maiparating ito sa Inang Simbahan. Naging kasangkapan ang AI sa dulo ng proseso ng pag-iingat, pag-oorganisa at pagbubuod ng mga sagot na nakalap sa tradisyonal na pakikipanayam, talakayan, at konsultasyon. Napatunayan na nagagamit din ang AI sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga layko upang hindi lang sila mapakinggan kundi mapaginhawa. Bahagi nga ng pastoral na implikasyon ng AI ang pamamaraan ng pakikinig tungo sa paghilom.

Ang AI ay maaaring magbigay espasyo upang makinig at maging daan sa paghilom sa antas ng kalusugang pangkaisipan, at *espiritwal* na paglalakbay ng mga indibidwal at pamayanan. Ang mga *therapeutic chatbots*, at *AI-powered apps - cognitive-behavioral techniques apps*, *mood tracking apps*, at *personalized recommendations apps* ay maaaring matulungan ang mga tao sa kanilang mga isyu sa kalusugan ng isip. Ang mga apps na ito ay interaktibo, literal na nakikinig at nakikipag-usap sa sinuman, bigyan lamang ng tamang “*voice request o prompt*.”³⁸ Tungkol sa *espiritwal* na paglalakbay, ang AI ay nag-uugnay sa mga tao na magkaroon ng mga makabuluhang gawi sa pamayanan at may potensiyal sa pagpapalalim ng pananampalataya ng mga gumagamit nito. Narito ang ilang mga halimbawa: (1) ang pagsasailalim sa *personalized meditations* at mga dasal, habang isinusulong ang *mindfulness* at pagtukoy ng kabuluhan ng buhay;³⁹ (2) ang AI bilang paghahanda sa pagtanggap ng

³⁸ Molly Fitzpatrick and Alison Darcy, “The Role of Artificial Intelligence in Mental Health Care,” *Journal of Technology in Behavioral Science* 5, no. 2 (2020): 157-165; Woebot Labs, “Woebot: Your Personal Mental Health Ally,” accessed October 10, 2023, <https://woebot.io>.

³⁹ Insight Timer, “AI-Powered Meditation Recommendations,” accessed October 10, 2023, <https://insighttimer.com>.

Sakramento ng Pagbabalik-loob, mas kilala bilang *avatar* at *hologram* ni Jesus na “*Deus in Machina*.” Nakikinig ang *hologram* sa mga saloobin ng mga gumagamit nito at sumasagot sa mga tanong gamit ang tekstong teolohikal.⁴⁰ (3) ang interaktibong AIs tulad ng *Faith GPT*, *BibleMate.AI*, *Hallow app*, at *Soultime app*⁴¹ na malaki ang naitutulong sa pagbibigay ng espirituwal na pag-agapay (*accompaniment*) sa mga taong naghahangad ng kaliwanagan at pag-asa, nagdadalamhati sa pagkawala ng mahal sa buhay, o kaya nagnanais ng inspirasyon at patnubay ng Banal na Kasulatan. Sa kabuuan, ang AI ay maaaring magsilbing makapangyarihang kagamitan sa pagsusulong ng ganap na pag-unlad ng pagkatao.

Noong panahon na bumubuo ng mga ulat para sa *Synod on Synodality*, ang iba’t ibang dikasterya mula sa Roma hanggang sa bawat bansang may Katolisismo, nagkaroon ng malawakang pakikinig sa mga nasa laylayan, katulad ng imigrante, basurero, tagawalis sa kalsada, mga batang may kapansanan sa pagdinig, mga inabuso, at iba pa. Upang masaklaw ang sakop ng mga kailangang pakinggan, at ng mga mananampalatayang itinalaga para gumawa ng ulat mula sa iba’t ibang panig ng mundo, gumamit ng mga aplikasyon na may AI (*powered by AI features*) tulad ng *Zoom*, *Google Meet*, *FB Messenger*, *Viber*. Kinasangkapan ang mga ito sa pangangalap at pagbubuod ng datos, pakikinig ng saloobin, paghinuha ng aral at implikasyon nito sa Simbahan, at pagbuo ng

⁴⁰ “Church in Switzerland Uses AI-Powered Hologram of Jesus to make Confessions,” *CE Noticias Financieras*, November 20, 2024, English ed. <https://www.proquest.com/wire-feeds/church-switzerland-uses-ai-powered-hologram-jesus/docview/3131740303/se-2>.

⁴¹ “faithGPT - Spiritual Conversations Ai,” <https://www.yeschat.ai/gpts-2OToO9iL6z-faithGPT> (Ang faithGPT ay powered ng Yeschat ai.); Bible mate: Your AI Bible Companion, <https://www.biblemate.org/>; Hallow, <https://hallow.com/>; Soultime, <https://www.soultime.com/home>; Faith tools, accessed February 26, 2025, <https://faith.tools/app/503-soultime-christian-meditation?category=mindfulness>.

mga rekomendasyon, aklat na gabay, at audio-visual materials para tugunan ang iba't konteksto patungo sa paghilom.⁴²

Pagkatapos ng pakikinig, makikita ang konkritong paghilom sa pagtugon sa kanilang pangangailangan upang maramdaman nila ang ginhawa, dahil ang ginhawa ay hindi puwedeng makamit na walang pisikal, materyal, emosyonal o personal na pamamagitan.⁴³ Isang katotohanan na ang ganitong hangarin upang maranasan ang paghilom, o kagalingan ay hindi magagawang mag-isa ng mga AI *apps*. Magaling ang AI sa pangangalap ng impormasyon, datos, at pagbibigay ng mungkahi depende sa “prompts.” Upang higit itong maging kapakipakinabang sa pakikinig at paghilom lalo na sa Sinodo, inaasahan ang matalinong paggamit ng mga mananampalataya.

BUOD NG TEMA

Ang apat pangunahing literatura na tumatalakay sa paggamit ng AI sa Simbahang Katolika ay sumasalamin sa mga etikal, teolohikal, pilosopikal, at pastoral na konsiderasyon, na nagpapayaman sa diskurso ng mabuting paggamit ng AI. Kabahagi ng pastoral na diskurso ang pagtalakay sa AI sa aspekto ng pakikinig at pagpapagaling sa pang-araw-araw na buhay at maging sa pamamaraang nakapaloob ito sa Sinodo. Patuloy na pinapaunlad ang talakayan sa tulong ng mga akademikong diskurso, pahayag

⁴² “Doing Theology from the Existential Peripheries,” *Migrants and Refugees Section*, migrants-refugees.va, October 10, 2023, <https://migrants-refugees.va/doing-theology/>; “Food for the Thought Output – Asia – Hope and Trust / Videos and PDF Reflection Guide,” *Migrants & Refugees Section*, migrants-refugees.va, accessed February 26, 2025, <https://migrants-refugees.va/resource-center/food-for-thought/>.

⁴³ Synod of Bishops, “Final Document of the XVI Ordinary General Assembly: For a Synodal Church: Communion, Participation, Mission,” October 26, 2024, https://www.synod.va/content/dam/synod/news/2024-10-26_final-document/ENG--Documento-finale.pdf, para. 66.

mula sa Vatican, at mga pananaliksik mula sa mga eksperto. Ang mga nasusulat na literaturang ito ay nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga implikasyon ng teknolohiya sa pananampalataya at lipunan.

**PAPEL NG AI SA SIMBAHANG KATOLIKA SA
PAGSUSULONG NG MGA
GAWAING SINODAL: PAKIKINIG AT PAGLALAKBAY
NANG SAMA-SAMA**

Ang Simbahang Katolika ay nagsimulang gamitin ang AI upang makatulong sa pagsusulong ng mga gawaing sinodal, partikular sa pagdaraos ng mga konsultasyon at pakikipag-ugnayan sa mas malawak na komunidad ng mga mananampalataya. Narito ang limang konkretong paraan:

Una, pag-aanalisa ng malalaking datos mula sa konsultasyon.⁴⁴ Malaki ang ambag ng AI sa pagpoproseso ng malalaking datos na nakalap mula sa malawakang konsultasyon na kinabibilangan ng diyologo at mga talatanungan (*survey*) na isinasagawa sa buong mundo. Sa pamamagitan ng teknikal na pamamaraan ng pagsusuri ng teksto, at saloobin (*text analysis at sentiments*), natutukoy ang pangunahing tema, damdamin, at isyung lumalabas sa mga usapin. Ang mga *tools* sa *natural language processing* ay nakatutulong upang matuklasan ang mga mahalagang pananaw at usapin mula sa *feedback* ng mga tao. Nakatulong din ito sa pagcluster o pagpapangkat ng mga paksa mula sa napakaraming bilang ng mga sagot. Mabilis na lumabas ang konkretong alalahanin at mungkahi ng mga kalahok mula sa iba't ibang rehiyon at pamayanan.

⁴⁴ Luke Coppen. "How AI helped shape Asia's synod document." *The Pillar*, March 2, 2023, <https://www.pillaratholic.com/p/how-ai-helped-shape-asias-synod-document>.

Ikalawa, pagpapadali ng pakikipag-ugnayan at konsultasyon.⁴⁵ Layunin ng Simbahang Katolika na marinig ang boses ng lahat, lalo na ang mga kapus-palad at nasa malalayong komunidad. Sa pamamagitan ng platapormang digital tulad ng *AI chatbots*, nagiging mabilis ang pakikipag-ugnayan, at pagsasagawa ng mga konsultasyon, ang mga *chatbots* ay tumatanggap ng mga tanong, opinyon, at mungkahi mula sa mga kasapi ng komunidad, kahit na hindi sila makadalo ng personal na pulong. Nagamit din nang lubos ang AI sa mga pagsasalang multi-linguwal. Ang *AI translate* ang nagsasalin ng wika at nangangalap ng opinyon ng mga mananampalataya mula sa pangkat etno-linguwistiko sa bawat panig ng mundo.⁴⁶

Ikatlo, pagbuo ng mga kagamitang panghubog at pang-edukasyon. Ginagamit ang AI sa paggawa ng mga interaktibong plataporma ng pagkatuto (*interactive learning platforms*) na nag-aanyaya na makibahagi sa mga gawain ng paghubog. May dalawa itong pamamaraan: ang *adaptive learning* na nagbibigay ng mga personal na sanggunian at modyuls ayon sa antas ng pang-unawa o kaalaman sa isyu ng Simbahang sinodal, at ang *virtual discussions* at *forums* na nagpapadaloy sa mga *online* na talakayan at nagbibigay ng mas konkretong balangkas ng mga paksang pang-sinodal. Ayon kay Monsignor Cadenas, maaaring gamitin ang AI maging sa mga pagsasanay para sa mga obispo.⁴⁷

⁴⁵ Jessica Easthope, "Diocese of Brooklyn Launches Digital Synods with Online Survey ahead of Lent," New Evangelization Television, February 8, 2020, <https://netny.tv/episodes/currents/diocese-of-brooklyn-launches-digital-synods-with-online-surveyahead-of-lent/>; "Diocesan Synod 2021: A Digital Synod," Diocese of Kootenay, <https://dq5pwpq1q8ru0.cloudfront.net/2022/03/06/18/27/13/d3c15f75-1ecf496a-b072-b485749d7b0e/Appendix%20-%20A%20Digital%20Synod.pdf>.

⁴⁶ Agnes M. Brazal, "Synodality and the New Media," *Theological Studies* 84, no.1 (2023): 95-109, <https://sagepub.com/journals-permissions>, DOI: 10.1177/00405639221150888, journals.sagepub.com/home/tsj.

⁴⁷ Augustinian Order, "AI and Synodality: We Talk to Monsignor Cadenas, Augustinian, About the Latest Course for Bishops." *Augustinian Order*, May

Ikaapat, pagsubaybay sa *social media* at pakikilahok na digital. Sa hangaring maunawaan ang pulso ng mga tao lalo na ang mga kabataan, gumagamit ang ilang pangkat pang Simbahan ng AI sa pag-monitor ng *social media*, at pag-alam ng napapanahong *trend*, kasama na ang mga suliranin ng mananampalataya. Napadadali ng AI ang panghihikayat sa mga tao na tumugon sa mga isyung sinodal, at makilahok sa mga talakayan. Pinangalawahan ni Monsignor Cadenas kung paano maaaring magamit ang AI upang suportahan ang proseso ng sinodo, sa pagpapalalim ng diyalogo at pagbubuklod sa komunidad ng Simbahan. Ang paggamit ng AI ay mahalagang kasangkapan upang mapahusay ang pakikipag-ugnayan at pag-unawa sa iba't ibang pananaw sa loob ng Simbahan.⁴⁸

Ikalima, paggamit ng AI sa pagpapabuti ng logistika at kaayusan ng Simbahan. Maaaring gamitin ang AI sa pagsasaayos ng mga teknikal na aspekto ng gawaing sinodal kabilang na ang pagpapalano ng gawain, at paglalaan ng mga yaman (*resource allocation*). *AI tools* ang tumutulong sa organisasyon ng mga malalaking gawain, pagsasaayos ng iskedyul, paghanap sa mga kalahok, at pamamahala ng mga mapagkukunan. Nababawasan ang kakulangan o kalabisan sa paggamit ng yaman sa tulong ng masusing pagpapalano at pagsusuri ng AI.

Sa gitna ng limang mahahalagang kontribusyon ng paggamit ng AI sa gawaing Sinodal ng Simbahan, may dalawang isyung etikal na nararapat bantayan: ang pagbibigay proteksyon sa pribadong impormasyon at datos, at ang pagsisiyasat sa mga *AI tools* na wala itong anumang bias, o pagkiling lalo na kung ginagamit sa pagsusuri ng mga opinyon ng mga tao.

3, 2024, <https://www.augustinianorder.org/post/ai-and-synodality-we-talk-to-monsignor-cadenas-augustinian-about-the-latest-course-for-bishops>.

⁴⁸ Ibid.

PAGTALAKAY SA AMBAG, AT LIMITASYON NG PAGGAMIT NG AI SA MISYON NG SIMBAHAN

Upang mabigyang mukha sa lokal na kontekstong Pilipino ang paggamit ng AI ng mga tagapaglingkod ng Simbahan, nagkaroon ng pagsagot ng talatanungan (*Survey sa Google forms*) at personal na panayam sa ilang piling kalahok upang linawin ang datos na nakalap.

Sa tanong kung gumagamit ba sila ng AI sa kanilang paglilingkod sa Simbahan, at kung nakakatulong ba ito sa kanila, lahat ng mga kalahok ay tumugon ng oo. Sinabi ng isa na, “Nakakatulong ito sa akin na maging praktikal sa paggawa at pagtugon sa misyon na mayroon ako ngayon. Mas nakakatipid ako ng oras sa pagsasalin ng mga dokumento o materyales sa ibang wika, nagpapadali sa pag-access ng impormasyon mula sa iba’t ibang pinagkukunan.” Gayundin ang sinabi ng dalawa pang kalahok, “Ito ay nakakatulong lalo na sa mga gawaing tulad ng pagsasalin, pagbuod ng mga resulta ng talakayan, at paghahanap ng mga listahan ng sanggunian sa ilang mga paksa.” “Pinadadali at pinapasimple nito ang aking gawain.”

Ang AI ay nakakatulong nga sa pagsasalin ng mga dokumento at babasahin sa iba’t ibang wika. Malaking ginhawa ang hatid nito upang makabuo ng buod mula sa mahahabang talakayan, at napapadali pa nito ang pagkuha ng mga pangunahing punto at ideya. Ito rin ay sanhi ng organisadong paghahanap at mabilis na pagsasaayos ng listahan ng mga sanggunian batay sa mga partikular na paksa na ibig saliksikin.

Samantala, may isang kalahok na hati ang pagtingin sa paggamit nito. Bagaman gumagamit siya ng AI sa larangan ng edukasyon o pagtuturo, hindi niya ito nagagamit sa parokya bilang isang pari dahil sa kakulangan ng mga gamit teknolohiya. Sa kawalan ng makabagong media, ay nanatiling “*old school*” o makaluma ang pamamaraan ng paglalahad ng homiliya. Ayon sa

kaniya, nakabatay sa galing sa pagpapaliwanag at sa paraan ng makabuluhang pagkukuwento ang epektibong pagpapahayag ng Mabuting Balita.

Sa tanong na “ano ang magagandang bunga ng paggamit ng AI sa kanilang paglilingkod sa Simbahan,” narito ang mga paliwanag sa limang temang naibahagi: Una, nakapagbibigay ito ng ibat-ibang ideya upang makatawag-pansin sa interes ng mga kabataan kaya’t malaki ang gampanin nito sa gawaing pastoral. Ikalawa, sa tulong ng AI *online platform*, nagkakaroon ng mga interaktibong aralin na nakatuon sa mga isyu na mahalaga sa mga kabataan, tulad ng paksa ng katarungang panlipunan at pag-aalaga sa kapaligiran. Ikatlo, nagagamit ang AI upang lumikha ng mga makabagbag-damdaming nilalaman (*content*), gaya ng mga *video* o *infographics*, na madaling maibahagi sa *social media* dahil ang mga kabataan ay madalas na nakatuon sa *visual content*. Ikaapat, nakapaghihikayat din ang AI na lumahok at sumapi sa “*volunteer opportunities*,” at iba pang aktibidad na nagpapalakas ng samahan at nakakatulong sa komunidad. Ikalima, maraming *gamification* o elemento ng laro na kapaki-pakinabang sa gawaing pastoral upang makapukaw ng interes at pakikiisa. Maaaring magdisenyo ng mga pagsusulit (*quizzes*), *task* o *challenges* na may kaugnayan sa pananampalataya at moral na mga aral.

Sa tanong tungkol sa mga limitasyon ng paggamit ng AI sa paglilingkod nila sa Simbahan, narito ang mga naging tugon. Una, ipinaliwanag ng isang kalahok na hindi niya nakikita ang gamit ng AI sa pagdiriwang ng mga Sakramento at sa Banal na Misa. Bunsod ng kahirapan, hindi lahat ng layko ay mayroong mga modernong gamit gaya ng “*cellphone*,” “*tablet*” o “*internet*.” Ikalawa, sa ilang konteksto, ipinagbabawal ang paggamit ng gadyets sa loob ng bahay dalanginan. Karukhaan at pagpapatupad ng mga patakaran ay dalawa lamang sa mga limitasyon sa paggamit ng AI. Ikatlo, isa pang kahinaan ay ang panganib na dulot nito sa seguridad at pagkapribado ng mga personal na datos. Madalas sa paggamit ng

modernong teknolohiya ay hinihingi ang mga personal na impormasyon kaya nalalantad ang sinuman sa mga *hackers* at marami ang nabibiktima ng mga paglabag sa seguridad. Ikaapat, itinuturing na limitasyon kung ang mismong gumagamit nito ay hindi masusing pinag-aaralan ang datos na nakalap. Mahalaga na icheck ang mga datos upang masigurong tama ang mga impormasyong nakuha. Panghuli, nabanggit din na sa larangan ng paghuhubog at pagpapalalim ng kaalaman at karanasan sa pananamplata na mahina ang kakayahan ng AI sa mas epektibo at makabuluhang interaksyon sa isa't isa. Hindi nagkakaroon ng akmang tugon ang AI para sa tuloy-tuloy at establisadong programa ng paggabay, pagtulong, at pagtuturo sa mga nangangailangan ng *accompaniment programs*.

Sa tanong hinggil sa paanong paraan may maitutulong ang paggamit ng AI upang ang Simbahan ay makatugon sa tawag ng sinodo, partikular sa aspekto ng sama-samang pakikinig at paglalakbay ng sambayanan ng Diyos, pinagtibay ng mga testimoniya ng mga kalahok na ang AI ay nagiging daan upang magkaroon ng koneksyon ang miyembro ng Simbahan maging sila man ay malayo at nasa iba't ibang lugar at hindi magkakapareho ng oras. Nagkaroon sila ng pagkakataon upang magbahaginan, magorganisa, makiisa sa tawag ng sinodo sa pamamagitan ng mga “*communication software*” katulad ng *Zoom*, *Microsoft Teams*, *Google Meet*, at iba pa. Ang mga “*Online meeting platforms*” na ito ay AI *powered*. Ayon din sa kanila, malaking tulong ang AI upang maibuo ang mga dokumento ng Simbahan sa paraang madaling maunawaan ng mga layko.

Nakakatulong ito upang ang Simbahan ay maging mas buhay (*dynamic*) at malikhain sa paglalakbay at pakikinig sa mga miyembro. Napagtibay din ang kakayahan ng AI sa pagkuha ng malawak at mabilis na dokumentasyon. Nakatutulong din ang AI sa paghahanda ng mga *retreats*, *seminars*, homiliya ng pari at mga gawaing kaugnay ng sinodo.

DIREKSIYON AT ESTRATEHIYA PARA SA BALANSENG INTEGRASYON NG TEKNOLOHIYA SA MGA PROSESO NG SIMBAHAN

Ang integrasyon ng teknolohiya sa mga proseso at pamamaraan ng Simbahang Katolika ay nangangailangan ng balanseng diskarte upang mapanatili ang tradisyonal na mga pagpapahalaga habang sinasamantala ang makabagong teknolohiyang makatutulong sa misyon ng Simbahan. Isang halimbawa nito ang inisiyatibo na sinasaad sa “*Encountering Artificial Intelligence*,” ang paunang publikasyon sa serye ng mga aklat na *Theological Investigations of Artificial Intelligence*, isang kolaborasyon sa pagitan ng *Journal of Moral Theology* at ng *AI Research Group* para sa “*Centre for Digital Culture*,” na binubuo ng mga teologo, pilosopo, at etisista (*ethicists*) mula sa Hilagang Amerika na tinipon sa paanyaya ng Vaticano.”⁴⁹ Tinalakay ng publikasyong ito ang mga etikal na implikasyon ng AI, ang epekto ng mga teknolohiya sa kamalayan, pagkatao, at sa lipunan.⁵⁰

Bukod dito, narito ang ilang mungkahin para sa balanseng integrasyon ng teknolohiya sa Simbahan:

Sa larangan ng edukasyon at pagsasanay sa teknolohiya, mahalaga na turuan at ihanda ang mga namumuno ng Simbahan,

⁴⁹ Artificial Intelligence Research Group of the Vatican Center for Digital Culture, Matthew J. Gaudet, Noreen Herzfeld, Paul Scherz, Jordan J. Wales, Nathan Colaner, Jeremiah Coogan, Mariele Courtois, Brian Cutter, David E. DeCosse, Justin Charles Gable, Brian Patrick Green, James Kintz, Cory Andrew Labrecque, Catherine Moon, Anselm Ramelow, John P. Slattery, Margarita Vega, Luis G. Vera, Andrea Vicini, and Warren von Eschenbach, “Encountering Artificial Intelligence: Ethical and Anthropological Investigations,” 2024, *Journal of Moral Theology* 1 (Theological Investigations of AI): i-262. <https://doi.org/10.55476/001c.91230>.

⁵⁰ Bernard D. Prusak, “Vatican Research Group's Book Outlines AI's Brave New World,” *National Catholic Reporter*, February 24, 2024, <https://www.ncronline.org/culture/book-reviews/vatican-research-groups-book-outlines-ais-brave-new-world>.

pari, layko, at mga komunidad sa wastong paggamit ng teknolohiya. Ang edukasyon ay dapat may diin sa etikal, teolohikal, pilosopikal at pastoral na aspekto ng teknolohiya. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga palihan (*workshops*) at *seminars*, mga programa upang hubugin ang mga lider ng Simbahan sa responsable at tamang paggamit ng makabagong teknolohiya kagaya ng AI, *social media*, at *data management tools*, gayundin ang mahigpit na pagpapatupad ng batas upang maprotektahan ang *privacy*, *data security* at *digital citizenship*. Mahalaga na ang paggamit ng teknolohiya ay hindi nagiging dahilan ng pagsasamantala sa personal na impormasyon. Masusulong ito sa pagproseso ng personal na datos ng mga mananampalataya, lalo na sa mga konsultasyon at *online registration* na marapat siguruhin na ang anumang AI o *digital tools* na ginagamit ay sumusunod sa mga prinsipyo ng etika at hindi nagiging banta sa karapatan ng tao.

Sa larangan ng pagbibigay ng tamang gabay sa mga mananampalataya, mahalaga ang pagbuo ng mga panuto sa paggamit ng digital na teknolohiya lalo na sa mga pastoral na gawain at pakikipag-ugnayan sa *online platforms*. Sa pagbalangkas ng mga gabay sa paggamit ng AI, nakakatulong ang pagsangguni sa mga etisista upang siguraduhin na ang ginagamit na teknolohiya ay naaayon sa mga turo ng Simbahan tungkol sa dignidad ng tao. Mainam din na makabuo ng gabay para sa *digital ministry*, na tumutukoy sa mga pamantayan at patakaran ng pagsasagawa ng *online pastoral work* upang mapanatili ang integridad ng mga serbisyong ito. Ilang halimbawa ng *online ministry* ay ang paggamit sa *social media*, *livestreamed liturgies*, at *online counseling*, at *spiritual direction*.

Sa larangan ng pagbubuo ng teknolohiya na makatutugon sa mga pangangailangan ng komunidad, mahalagang pag-isipan kung anong pamamaraan ang makapagpapalaganap ng ebanghelyo, makapagtataguyod ang katarungan, at makatutulong sa kapwa.

Pangunahing halimbawa nito ang pagkakaroon ng *localized digital platforms* – teknolohiyang tumutugon sa mga lokal na pangangailangan ng mga komunidad, at mga *mobile apps* o *online tools* na para sa mga nasa laylayan ng lipunan, mga mahihirap at nakatira sa malalayong lugar. Nakatutulong ang AI sa mga gawain ng Simbahan na nagtataguyod ng katarungang panlipunan tulad ng pagtukoy ng mga lugar na nangangailangan ng tulong o pagsubaybay sa mga proyekto.

Sa larangan ng pakikipagtulungan sa mga eksperto sa teknolohiya, etika at edukasyon at mga kaugnay na institusyon, mahalagang magkaroon ng kolaborasyon sa iba't ibang sektor, upang mapalalim ang pag-unawa ng Simbahan sa mga napapanahong teknolohiya na humuhubog ng buhay pananampalataya. Sa Pilipinas, ang mga Katolikong pamantasan ay mayroong *research centers* na nagiging daan sa pakikipag-unayan at *partnership* ng mga nasa akademiya sa mga sektor ng Simbahan. Ilang bunga ng kolaborasyong ito ay ang pagkakabuo ng *tools* para sa *digital evangelization*, at *synodal consultations platform*. Bukod pa rito, ang pagtatayo ng mga *Ethical Technology Councils* na nagbibigay gabay sa patuloy na pag-develop ng mga teknolohiya sa loob ng Simbahan.

Sa larangan ng paggamit ng teknolohiya upang suportahan ang layunin ng *Synodality*, napalalakas ng teknolohiya ang partisipasyon ng mga mananampalataya sa mga konsultasyon at talakayan. Hangad ng Sinodo na makinig sa saloobin ng lahat at maging ka-manlalakbay ng bawat isa. Ang paglalakbay na ito ay hindi lamang sa pisikal na aspekto, kundi maging sa *online* na pamayanan. Gumamit ang Simbahan ng mga ligtas na *digital platforms* upang mapadali ang mas malawak na pakikilahok sa mga prosesong sinodal, gaya ng *online surveys*, *forums*, at *virtual consultations*. Malaki rin ang ambag ng paggamit ng *data analytics* upang detalyadong mapag-aralan ang mga tugon at mungkahi ng

mga mananampalatayang lumahok sa sinodo, at bunsod nito ay makagawa ng makabuluhang desisyon.

Sa larangan ng pagsusuri at pagtatasa ng mga tradisyunal na gawain, ang Simbahan ay maaaring magpatuloy sa paggamit ng teknolohiya habang nirerespeto ang mga tradisyunal na anyo ng pananampalataya. Halimbawa, ang pagkakaroon ng *hybrid* na paraan ng pagsamba (kagaya ng *online* na misa para sa mga hindi makadalo nang pisikal, habang binibigyang-diin ang kahalagahan ng pisikal na presensya sa sakramento); at ang pagkakaroon ng *online* na paghubog o programang kateketikal (para sa mga naghahanda sa mga sakramento, habang pinapahalagahan rin ang personal na pagtuturo ng pananampalataya).

Sa larangan ng patuloy na pagrebisa at pagtatasa ng paggamit ng teknolohiya upang mapanatili na naaayon ito sa misyon ng Simbahan, mahalaga ang pakikinig sa *feedback* hindi lamang ng mga punong lingkod kundi maging ng mga mananampalatayang kasapi. Ang pagkakaroon ng *regular ethical audits*, at *feedbacking mechanisms* ay ilan sa konkretong halimbawa nito.

Dahil ang AI sa konteksto ng pakikinig at paghilom sa Sinodo ay masyadong makabago pang pamamaraan ng new media, may kakulangan pa sa mga literatura, kaya minabuting gawing malawak ang implikasyon ng AI di lamang sa Sinodo, kundi sa gawain ng Simbahan sa pangkalahatan.

PAGBIBIGAY DAAN SA PAGHIHILOM GAMIT ANG TEKNOLOHIYA, KABILANG NA ANG AI

Ang teknolohiya ay naging mahalagang kasangkapan para sa pagpapabuti ng kalidad ng buhay, hindi lamang sa pisikal na dimensiyon kundi pati na rin sa mental, emosyonal, at *espiritwal* na kalusugan. May ilang pagtatangka upang maging daan ito ng

paghihilom ng sugat ng mga kasapi ng Simbahang naglalakbay, partikular na sa larangan ng pastoral na pagkalinga: sa pag-agapay sa pagpapanatili ng kalusugang pangkaisipan, sa paghahanda sa mga layko bago makatanggap ng Sakramento ng Pagbabalik-loob, sa pag-aalaga ng mga bata at matandang may sakit, sa pagbibigay ng suporta o pakikipag-usap sa chat sa mga may pinagdaraan sa buhay, at sa pagdudulot ng inspirasyon at pag-asa. Batid na ang AI ay nag-aalok ng mga makabagong solusyon upang tulungan ang mga tao sa kanilang paglalakbay tungo sa paggaling, ito man ay hindi ganap.

Ang mga literatura tungkol sa Sinodo ay nagpatotoo na mahalaga ang papel ng ugnayan ng tao sa isa't isa, upang makatugon sa mga hamon ng Sinodal na Simbahan. Ang makabagong teknolohiya na mayroon ang tao ay nagiging kasangkapan lamang upang mapadali, at makapagbigay suporta sa mga lohistikong gawain, at hindi kailanman makapapalit sa lalim ng pakikipag-ugnayan ng tao sa kaniyang kapuwa na kailangan sa proseso ng sinodal na Simbahan, upang lubos itong makapakinig at makatugon sa saloobin ng kaniyang sambayanan. Hinikayat ni Papa Francisco ang paggamit ng AI upang magdala ng pagkakaisa at kapayapaan, hindi alitan o pagkakahati. Ang AI, ayon sa kanya, ay maaaring maging instrumento para sa pakikipagtulungan sa iba't ibang kultura, relihiyon, at bansa, basta't ito ay gagamitin nang may tamang intensyon.⁵¹

Bahagi ng pastoral na implikasyon ang potensiyal ng AI bilang daan sa paghihilom. Ang inobasyon ng St. Peter's Chapel sa Lucerne, Switzerland, na nagpasimula ng isang eksperimento kung saan ginamit ang AI na tinawag na "*Deus in Machina*" bilang *avatar* at *hologram* ni Jesus, ay sumasagot sa mga tanong ng mga tao gamit

⁵¹ Pope Francis, "Message of His Holiness Pope Francis for the 57th World Day of Peace: Artificial Intelligence and Peace," January 1, 2024, Vatican.va, <https://www.vatican.va/content/francesco/en/messages/peace/documents/20231208-messaggio-57giornatamondiale-pace2024.html>

ang tekstong teolohikal, at tumatanggap ng kumpisal mula sa mga mananampalataya.⁵² Ito ay kayang makipag-usap sa 100 iba't ibang wika⁵³ at tumutugon sa pangangailangan ng tao na may mapagsabihan at makapakinig ng kaliwanagan sa dinadalang bigat o suliranin dulot ng kasalanan. Ito ay maaaring maging daan sa paghilom sapagkat ang tunay na layunin ng sakramento ng pagbabalik-loob ay ganap na kagalingan. Hindi pinapalitan ng “*Deus in Machina*” ang Sakramento ng Kumpisal. Ang bumuo ng *cybernetic Jesus* na ito ay mga siyentipiko at teolohiko na nagprograma ng impormasyon mula sa Banal na Kasulatan at relihiyosong teksto. Sa kabila ng positibong tugon mula sa ilang tao na nagkaroon ng espirituwal na karanasan dulot ng Jesus *avatar*, may mga tumutol din, dahil sa paggamit ng kumpesyonaryo sa teknolohikal na eksperimento, at sa mga tanong ukol sa etika at moralidad ng paggamit ng teknolohiya sa relihiyon.

Isa pang natatanging paraan upang maitaguyod ang pagkalinga at pagpapagaling sa tulong ng AI ay sa pamamagitan ng paggamit ng mga *nursing robot* para sa mga bata, at sa mga matatanda. May mga *nursing robot* na ginawa upang mangalaga sa mga maysakit at mga matanda.⁵⁴ Mayroon din naman upang tulungan ang mga magulang sa pangangalaga ng bagong silang na sanggol, na nag-aalok ng mga kakayahan tulad ng pagbibigay init (*warmth*), paghahanda ng pagkain, at pagpapatulog. Si *CoBoT* (*Collaborative Robot*) ay makakapag-*automate* ng paghahanda ng mga *formula* para sa sanggol, na tinitiyak ang tamang pagsukat at

⁵² “Church in Switzerland Uses AI-Powered Hologram of Jesus to make Confessions,” *CE Noticias Financieras*, November 20, 2024, English ed. <https://www.proquest.com/wire-feeds/church-switzerland-uses-ai-powered-hologram-jesus/docview/3131740303/se-2>.

⁵³ “Swiss Church Uses AI to ‘Talk’ to Jesus in the Confessional.” *CE Noticias Financieras*, Dec 01, 2024, English ed. <https://www.proquest.com/wire-feeds/swiss-church-uses-ai-talk-jesus-confessional/docview/3135022302/se-2>.

⁵⁴ Gil P. Soriano et al., “Robots and Robotics in Nursing,” *Healthcare (Basel)* 10, no. 8 (August 18, 2022): 1571, <https://doi.org/10.3390/healthcare10081571>.

paghahalo.⁵⁵ Ang ibang robot naman ay nakakapagpainit at nakakapagpanatili ng tamang temperatura ng pagkain, na angkop para sa iba't ibang mga bote ng sanggol at garapon ng pagkain. Si SNOO *Smart bassinet*⁵⁶ ay tumutugon sa mga iyak ng sanggol sa pamamagitan ng *microshaking* at *white noise* upang mapakalma at mapatulog ang mga sanggol. Si Codi ay “*Storytelling robot*” na tumutulong upang maiwasan ang paggamit ng *screen* ng mga bata, sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga ligtas na nilalaman, paghihikayat ng magagandang gawain gaya ng masayang pagsesipilyo ng ngipin, pagbubuo ng bokabularyo at pagkakatuto ng mahahalagang aral mula sa klasikong mga kuwento, at pagpapakilos sa mga bata sa pamamagitan ng masisiglang mga kanta.⁵⁷

May mga aplikasyon ng AI katulad ng *Faith GPT*, *BibleMate.AI*, *Hallow app*, at *Soultime app*,⁵⁸ na nagbibigay suporta sa mga taong nangangailangan ng *accompaniment* sa kanilang mabigat na pinagdaraan sa buhay. Sa tulong ng paglalagay ng mga angkop na tanong at *prompt* ay nagagabayan ang taong nasa bingit ng panganib, gayundin ang mga gumagabay sa mga biktima, at mga

⁵⁵ N. O’Shea, D. Kennedy, J. T. Tobin, and M. A. Fenelon, “Reconstituting Infant Formula Powder Using a Collaborative Robot ‘CoBoT’ to Mimic Human Biomechanical Movements,” *Innovative Food Science & Emerging Technologies* 67 (January 2021): 102562, <https://doi.org/10.1016/j.ifset.2020.102562>.

⁵⁶ Jasraaj K. Singh and Samuel Menahem, “The Five ‘S’s’ and the ‘SNOO’ Smart Sleeper—Non-Pharmacological Interventions (NPI) to Promote Sleep and Reduce Crying of Infants: A Scoping Review,” *Translational Pediatrics*, PMID: PMC10485641, PMID: 37692540; “Snoo: Yves Béhar, Design, Technology, Parenting,” *Disegno Journal*, accessed December 26, 2024, <https://disegnojournal.com/newsfeed/snoo-yves-behar-design-technology-parenting>.

⁵⁷ Pillar Learning, “Codi: The Storytelling Robot for Kids,” accessed December 26, 2024, <https://www.pillarlearning.com/products/codi>.

⁵⁸ “faithGPT - Spiritual Conversations Ai,” <https://www.yeschat.ai/gpts-2OT09iL6z-faithGPT> (Ang faithGPT ay powered ng Yeschat ai.); Bible mate: Your AI Bible Companion, <https://www.biblemate.org/>; Hallow, <https://hallow.com/>; Soultime, <https://www.soultime.com/home>; Faith tools, <https://faith.tools/app/503-soultime-christian-meditation?category=mindfulness>, accessed February 26, 2025.

may-sala. Maaari rin itong magbigay ng panuto sa mga nagdadalamhati sa pagkawala ng mga mahal sa buhay.

KONKLUSYON

Ang sulatin na ito ay nagpakita na ang AI, kapag ginamit nang may malalim na pag-unawa sa kontekstong etikal, teolohikal, pilosopikal at pastoral, ay maaaring maging isang makabuluhang kasangkapan sa pagtaguyod ng mas inklusibo at mapanlikhang Simbahan. Napatunayan ng mga nasusulat na literatura ang komprehensibong halaga ng ambag ng AI at teknolohiya sa mga gawain at misyon ng Simbahan kabilang na ang pagtugon sa paanyaya ng Sinodo na sama-samang makinig at maglakbay tungo sa paghilom. “Ang pakikinig ay pangunahing salik sa landas tungo sa pagpapagaling, pagsisisi, katarungan, at pagbabalik-loob.”⁵⁹ Sa pagninilay sa mga tinalakay na kabutihan at limitasyon ng paggamit ng AI sa paglilingkod sa Simbahan, mahihinuha na nakapaghahatid ng ginhawa ang teknolohiyang ito, ngunit upang maging tunay na kapaki-pakinabang, ay kakailanganin ng personal na pamamagitan (interbensiyon) at pagtututok ng mga gumagamit. Kaugnay nito, natuklasan ng pagsisiyasat na kapos pa ang kakayahan ng AI na ganap na magbigay daan sa paghihilom ng anumang sugat ng Simbahang naglalakbay. Walang direktang pagbanggit na may potensiyal ang AI na gawin ito hiwalay sa mismong pamamagitan ng tao, ngunit may ilang pagtatangkang maging interaktibo ang paggamit ng AI sa mga gawain ng Simbahan. Sa pangkalahatan, hindi matatawaran ang malaking tulong ng integrasyon ng AI at teknolohiya sa mga gawain ng Simbahan. Higit pa ang potensiyal ng paggamit ng AI sa gawain ng pakikinig at pagpapagaling, lalo na

⁵⁹ Synod of Bishops, “Final Document of the XVI Ordinary General Assembly: For a Synodal Church: Communion, Participation, Mission,” October 26, 2024, https://www.synod.va/content/dam/synod/news/2024-10-26_final-document/ENG--Documento-finale.pdf, para. 55. Nagsalin sa Filipino: may-akda.

sa konteksto ng Sinodo, ngunit kailangan pa itong patunayan sa malawakang pagsisiyasat ng mga susunod na magsusulat sa temang ito.

Dorothy Javier-Martinez, EdD

*De La Salle University,
2401 Taft Avenue, Manila
dorothy.martinez@dlsu.edu.ph*

Auria U. Arabit, SdP, PhD

*De La Salle University,
2401 Taft Avenue, Manila
auria.arabit@dlsu.edu.ph*